

Setyembre 15
Araw ng Paggalang sa Matatanda

# Pahayagan ng Yaizu



Setyembre 23
Araw ng Taglagas

QR code

**Setyembre (9 月 Ku gatsu) / 2025 (令和 7 年 Reiwa 7 nen) /￥０**


Yaizu City Hall (YAIZU SHIYAKUSHO)
Seksyon ng Tangkakal ng Pakikipagtulungan (KYODO SUISHIN-KA)
〒425-8502　Yaizu-shi Honmachi 2-16-32　Yaizu City Hall Main branch 3rd floor
TEL: 054-626-2191　http://www.city.yaizu.lg.jp


PAHAYAGAN NG YAIZU
Bersyon ng Tagalog(タガログ語)

**Iskedyul ng Interpreter** **【Munisipyo Main branch】** Tagalog&Bisaya&Ingles:Lunes-Biyernes 9:00am-4:30pm / Portuguese:Lunes,Martes,Huwebes,Biyernes 9:00am-4:30pm / Spanish:Lunes,Miyerkules-Biyernes 9:00am-4:30pm　**※12:00pm-1:00pm Walang Interpreter.**

**【Oigawa branch】** Portuguese:**Setyembre 4 & 18** (Ika-1&Ika-3 Huwebes) 9:30am-11:30am
Tagalog・Bisaya・Ingles: **Setyembre 10&24**(Ika-2&Ika-4 na Miyerkules) 9:30am-11:30am



## はあとふる Yaizu ~Hatofuru Yaizu~



Ang pinakamalaking International Exchange event ng Yaizu city na「はあとふる **Yaizu**」ay magaganap din ngayong taon. Magtitipon-tipon rin ang mga artist at dance team mula sa lungsod at labas ng lungsod. Makakabili din ng iba't-ibang paninda ng pagkain at sari-saring kalakal. Maaaring makasubok ng Summer Festival:***Natsu Matsuri***, **Japanese calligraphy:*Shodo***,Paper folding art:***Origami*** at iba pang Kulturang Hapones. Ito ang ika-30 beses na ginanap ang kaganapan. Bilang pagdiwang, namimigay kami ng mga regalo sa unang 100 katao!
Halina't anyayahan at magpunta kasama ang iyong pamilya at mga kaibigan.

【Website】https://www.city.yaizu.lg.jp/event/info-00335.html
【Araw・Oras】Setyembre 21(Linggo)　11:30am　－ 3:00pm
【Lugar】Yaizu Cultural Hall Small hall , Exhibition room
(Yaizu Bunka Kaikan　Sho-horu , Tenjishitsu)　(Yaizu-shi Sangamyo 1550)
【Matatawagan】Yaizu International Friendship Association (Yaizu-shi Kokusai Yuko Kyokai)
(Yaizu Shiyakusho　Sa loob ng Seksyon ng Tangkakal sa Pakikipagtulungan) ☏054-626-2191

【Website】









## ■National Census 2025　*Kokusei chosa 2025*■　《Tiyakin makasagot》



Ang tinutukoy na Kokusei Chosa: National Census ay ang napakamahalagang istatistikal na survey na isinasagawa isang beses kada limang taon. Bilang nasasaklaw sa pagsisiyasat,ang lahat ng taong naninirahan sa bansang Hapon**(Kabilang ang DAYUHAN)** sa kasalukuyan ng Oktubre 1,2025. Ang resulta ng pagsisiyasat ay kapaki-pakinabang sa iba't-ibang sulok ng ating pamumuhay.

【Iskedyul ng Pagsisiyasat】Pamamahagi ng Porma ng Pagsisiyasat: Setyembre 20(Sabado) － Setyembre 30(Martes)
Panahon ng Pagsagot: Oktubre 1(Miyerkules) － Oktubre 8(Miyerkules)

【Paraan ng Pagsisiyasat】Ang census personnel ay bibisita sa bawat tahanan simula sa kalagitnaang linggo ng Setyembre. Ibibigay ang papeles para sa pagsisiyasat at iba pa.　※Mangyaring magtanong sa Punong-opisina ng Pagpapatupad kung sakaling hindi niyo matatanggap ang Porma ng Pagsisiyasat hanggang sa **Setyembre 30**.

【Detalye ng Pagsisiyasat】Kung Lalaki o Babae ba, Taon at Buwan ng Kapanganakan,
Kung may trabaho ba,Kung ano ang uri ng tirahan at iba pa.



【Paraan ng Pagsagot】Sagutin sa internet o ang papel ng ipapadalang porma.

【Ukol sa Pangangalaga ng impormasyong personal】Hindi gagamitin sa ibang layunin ang detalye ng iyong sinagot.

【Website ukol sa kampanya ng "KOKUSEI CHOSA"】https://www.kokusei2025.go.jp
Mangyaring magtanong para sa karagdagang detalye.


【Matatawagan】Fiscal year 2025 National Census Yaizu city Headquarters(Kokusei Chosa Yaizu-shi Jisshi Honbu)
☏054-626-2154

## ■Bayarin sa Municipal tax　*Shizei no nofu*■

Huwag kalimutan bayaran ang Buwis ng Pambansang Seguro sa Kalusugan 3rd term(Kokumin Kenko Hokenzei) hanggang sa **Oktubre 6(Lunes)**. Maaari rin bayaran sa bangko,convenience store,mobile payment apps at iba pa.
【Matatawagan】Seksyon ukol sabayarin sa buwis(Nozei Sokushin-ka) ☏054-626-2147

## ■Naghahanap ng batang nais pumasok sa Kindergarten simula sa Abril,2026 ■

*Yochien Enji boshu*





### ■Municipal Kindergarten(Shiritsu Yochien)

【Angkop】
◆Otomi･Satsuki Yochien･･･Batang pinanganak mula Abril 2,2020 ー Abril 1,2022
◆Shizuhama･Oigawa Nishi･Oigawa Minami Yochien･･Batang pinanganak mula Abril 2,2020 ー Abril 1,2023
【Paraan ng Aplikasyon】 Ipamamahagi ang application form sa bawat Kindergarten simula sa **Setyembre 5(Biyernes)**.
**Setyembre 12(Biyernes)** ang simula ng pagtanggap.
Sulatan ng kailangang bagay,direktang isumite sa bawat Kindergarten sa mga oras 9:00am hanggang 5:00pm maliban sa Sabado,Linggo,Pista Opisyal.
【Huling araw ng Pagtanggap】 **Setyembre 30(Martes)**
【Matatawagan】 Seksyon ng Nursery･Kindergarten(Hoiku･Yochien-ka) ☏054-626-2772



### ■Private Kindergarten(Watakushiritsu Yochien)

【Angkop】 Batang pinanganak mula Abril 2,2020 ー Abril 1,2023
※Sa Kogawa Kindergarten, Yaizu Chuo Kindergarten, at Sumiredai Kindergarten,ang angkop na tinatanggap ay gaya ng sumusunod.
**Batang pinanganak simula Abril 2,2021 hanggang Abril 1,2023**
【Paraan ng Aplikasyon】 Simula sa **Setyembre 5(Biyernes)** ay ipapamamahagi ang application form sa bawat Kindergarten.
**Setyembre 12(Biyernes)** ang simula ng pagtanggap.
**(Mangyaring magtanong sa bawat Kindergarten tungkol sa Pagtanggap･Pagpasok sa kindergarten ng batang akmang magiging 3 taon gulang na pinanganak sa Abril,2026 hanggang Marso,2027).**
※Para sa mas malinaw na detalye,magtanong sa bawat Private Kindergarten.

## ■Naghahanap ng batang nais pumasok sa Nursery simula sa Abril,2026 *Hoikujo Kodomo boshu*■



【Angkop】 Batang nasa edad 0−5 taong gulang na nais makapasok sa Nursery simula sa Abril 1,2026
**※Ang angkop makapasok sa Small-scale Childcare Facility:Shokibo Hoiku Jigyosho, Employer-provided Childcare Facility:Jigyoshonai Hoiku Jigyosho ay batang 0−2 taong gulang.**
【Panahon ng Pagtanggap】 **Setyembre 8,2025(Lunes) hanggang Oktubre 14(Martes)**
【Kondisyon sa Pagpasok】Hindi makakapag-aruga ng bata ang magulang o kasamang pamilya sa tirahan dahil sa trabaho o may sakit.
【Paraan ng Aplikasyon】 Sulatan ang application form at isumite sa Seksyon ng Nursery･Kindergarten(Hoiku･Yochien-ka) o Sentro ng Serbisyo sa Mamamayan ng Oigawa(Oigawa Shimin Sabisu Senta). ***(Maliban sa Sabado,Linggo,Pista Opisyal)***
※Hindi po tatanggapin ang application form sa mga Nursery. Ang application form ay maaaring makuha sa Seksyon ng Nursery･Kindergarten(Hoiku･Yochien-ka), Sentro ng Serbisyo sa Mamamayan ng Oigawa(Oigawa Shimin Sabisu Senta) at pati sa bawat Nursery.(Hanggang Oktubre 14(Martes) makakatanggap sa Nursery) . Maaari rin i-download sa Yaizu city official website .
※Sa mga nais pumasok sa Nursery ay kailangan mag-aplay. Mangyaring mag-aplay rin ang mga taong kasalukuyang naghihintay makapasok. Kung kasalukuyang pumapasok sa isang Nursery, magka-iba namin ipapaalam sa iyo sa pamamagitan ng Nursery tungkol sa iyong aplikasyon ng pagpapatuloy. Magtanong para sa karagdagang detalye.
【Matatawagan】 Seksyon ng Nursery･Kindergarten(Hoiku･Yochien-ka) ☏054-626-2772



## ■Pangkalusugang pagsusuri sa mga papasok sa Elementary school

*Shogakko ni nyugaku surutame no kenko shindan*■

Ang mga batang magiging Grade 1 Elementary student simula sa Abril,2026 **(Mga pinanganak mula Abril 2,2019 hanggang Abril 1,2020)** ay kailangan sumailalim sa Pangkalusugang pagsusuri sa bawat Elementary school sa nakatakdang araw magmula Oktubre hanggang Nobyembre. Mayroong darating na Notification card sa mga taong nasasaklaw. Mangyaring magtanong sa matatanungan sa ibaba tungkol sa iskedyul at mas malinaw na detalye.
【Mga dadalhin】 **1.) Notification postcard (Mangyaring sulatan ng kailangang detalye ang likod ng postcard)**
**2.) Tsinelas panloob** **3.) Residence card at Passport ng Bata at Tagapangalaga**
**4.) Aklat-talaan ng Kalusugan ng Mag-ina: *Boshi Techo***
【Mga dapat ingatan】
･Ang bata ay dapat magpunta suot ang damit na madali lamang niyang isuot at hubarin. Kailangan rin sumama ng tagapangalaga.
･Kapag hindi makakasumailalim sa pangkalusugang pagsusuri sa takdang araw o nais magpasuri sa ibang lugar bukod sa sinaad, mangyaring gumawa ng maagahang konsulta sa Seksyon ng Paaralan at Edukasyon(Gakko Kyoiku-ka).
【Matatanungan】 Seksyon ng Paaralan at Edukasyon(Gakko Kyoiku-ka)
☏054-625-8160



## ■Bagong Sertipiko ng Benepisyaryo sa Medikal na Gastusin ng mga Bata *Atarashii kodomo iryohi jukyushasho* ■

May panibagong Sertipiko ng Benepisyaryo sa Medikal na Gastusin ng mga Bata(Kodomo Iryohi Jukyushasho) mula **Oktubre 1(Miyerkules)**. Aming ipapadala hanggang sa Setyembre 30 ang bagong Sertipiko ng Benepisyaryo (kulay lila). Gamitin ang bagong Sertipiko simula sa Oktubre. Ang kasalukuyan ginagamit na Sertipiko (kulay berde) ay kailangan gupit-gupitin at itapon sa bahay o isauli sa kahon ng koleksyon na nakalagay sa Seksyon ng Suporta sa Pagpapalaki ng Bata(Kosodate Shien-ka), Sentro ng Serbisyo sa Mamamayan ng Oigawa(Oigawa Shimin Sabisu Senta),Yaizu General Hospital(Shiritsu Byoin), Sentro ng Kalusugan(Hoken Senta).

**※Ipapadala ang *Kodomo Iryohi Jukyushasho* sa mga batang nasa gulang 0 anyos hanggang sa mga edarin ng Senior High School student. Ipagbigay alam sa tanggapan kung ang angkop na bata(edad 16～18 anyos) ay nawalan ng katayuan gumamit sa Sertipiko dahil nagtatrabaho o kinasal .**

【Matatawagan】Seksyon ng Suporta sa Pagpapalaki ng Bata(Kosodate Shien-ka) ☏054-626-1137



←Kulay lila ang bagong Sertipiko ng Benepisyaryo sa Medikal na Gastusin ng mga Bata
**(Kodomo Iryohi Jukyushasho)**

## ■Yaizu city Shake-out drill *Yaizu-shi sheiku auto kunren* ■

Ang tinatawag na shake-out drill ay pag-eensayo ng mga **3 kilos** na gagawin upang maprotektahan ang sarili mula sa lindol.

**Tatlong kilos**・・ **1.Paliitin ang katawan** **2.Protektahan ang ulo** **3.Huwag gumalaw**



**Dapa** **Takpan** **Kumapit/Manatili**

【Araw・Oras】**Setyembre 25(Huwebes)　10:00am**

【Detalye ng Pagsasanay】Magpapatunog ng sirena sa nasasakopang ng Yaizu city. Habang nakatunog ang brodkast na sirena ay isasagawa ang talong kilos ng pagprotekta ng sarili mula sa lindol.

【Matatawagan】Seksyon ng Prebensyon sa Sakuna sa Lokalidad (Chiiki Bosai-ka)　☏054-623-2554

## ■Kaganapan sa pagsubok ng mga hanap-buhay 「Out of KidZania in やいづ　2025」■

***Shokugyo Taiken Ibento***

Maaaring subukan ang Manufacturing industry,Service industry at iba pa,mga programa ng 25 uri ng propesyon/hanap-buhay . Magsaya habang nag-aaral tungkol tungkol sa Sosyedad at Yaizu. Mangyaring gumawa ng prayor na pag-aaplay mula sa website.

【Angkop sa Aplikasyon】Elementary student na naninirahan sa Yaizu city

***※Sa Elementary student na naninirahan sa labas ng lungsod ay maaari lamang tanggapin sa akmang araw.***

**(Mayroon rin part-time job experience booth para sa mga batang mas maliliit sa Elementary school student.)**

【Adlaw・Oras】Nobyembre 1(Sabado) ― 2(Domingo)　10:00am ― 4:30pm

【Lugar】Yaizu General Sports Complex:Yaizu-shi Sogo Taiikukan (Seagull dome)
(Yaizu-shi Hofukujima 1050)

【Website】https://www.city.yaizu.lg.jp/out-of-kidzania/

【Matatawagan】Seksiyon ng Komersiyo at Turismo (Shoko Kanko-ka)
☏054-626-1175

←Narito para sa aplikasyon




## ■ Pampublikong Pagsasanay sa Pagtatrabaho bilang Caregiver para sa Long-term Residents■

***Kaigo Kokyo Shokugyo Kunren***

Ang「Kaigo:Nursing care」ay isang trabaho na tutulong sa mga lolo,lola at taong hirap maikilos ang kanilang katawan. Kung tayo ay mag-aaral sa pagsasanay na ito, makakatulong ito sa pagtatrabaho bilang caregiver.

- **Maaaring matutunan ang mga salitang Nihongo na gagamitin sa trabaho ng caregiver.**
- **Maaaring makakuha ng lisensya/kuwalipikasyon para sa pagtatrabaho ng caregiver.**
- **Matutulungan kayo sa paghahanap ng trabaho.**

【Panahon】Nobyembre 28(Biyernes)―Pebrero 27,2026(Biyernes)　Lunes―Biyernes　10:00am―3:50pm
**(Wala sa Sabado・Linggo・Pista Opisyal at Disyembre 27(Sabado)-Enero 4,2026(Linggo))**

【Lugar】Shizuoka Labor Administration Hall(Shizuoka Rosei Kaikan) 5th floor
(Shizuoka-shi Aoi-ku Kuroganecho 5-1)

【Saklaw】Mga dayuhang naninirahan sa Lalawigan ng Shizuoka「Long-Term-Resident Foreigner」

【Website】

**※Mangyaring magtanong sa Hellowork kung kayo ba ay saklaw.**
**Taong nakakabasa at nakakasulat ng Hiragan,Katakana**

【Bayad sa Paglahok ng lektura】¥0　(May bayad ¥7,843 para sa aklat-aralin)

【Paraan ng aplikasyon】Setyembre 19(Biyernes)―Nobyembre 4(Martes). Mag-aplay sa Hellowork Yaizu.

【Matatawagan】Shizuoka College of Technology　Shizuoka Campus (Shizuoka Kenritsu Koka Tanki Daigakko)
(Shizuoka-shi Shimizu-ku Kusunoki 160)　☏054-345-3098
Mail: koutan_syakaijin@pref.shizuoka.lg.jp　Tagapangasiwa: INABA



## ■Libreng Konsultasyon (Muryo sodan)■ ※May pagkakataon na biglang walang serbisyo

| Konsultasyon | Araw at Oras | Matatawagan | Detalye |
|---|---|---|---|
| Konsultasyon ukol sa bayarin ng Buwis 【Setyembre】 | 【Lunes-Biyernes】 8:30am - 12:00pm, 1:00pm - 4:30pm 【Konsultasyon sa Huwebes ng Gabi】 ←Walang Interpreter. **Setyembre 4 , 11 , 18, 25** 5:15pm-7:00pm 【Konsultasyon sa Linggo】 **Setyembre 28** 9:00am-12:00pm | Yaizu City Hall Seksyon ukol sa bayarin sa buwis (Yaizu Shiyakusho Nozei Sokushinka) ☎054-626-1140 ☎054-626-2148 | Kung hindi mababayaran ang buwis sa takdang petsa ng pagbayad,magpunta at komunsulta. ※May interpreter sa wikang Tagalog,Bisaya,English,Portuguese sa araw ng linggo. |
| VISA | Lunes－Biyernes 8:30am－5:15pm | Sentro ng impormasyon para sa mga residenteng dayuhan(Nagoya) ☎0570-013904 | Ukol sa proseso ng pagpasok sa bansa at Proseso ng pananatili o visa. (English・Korean・Chinese・Spanish atbp.) |

## ■Iskedyul ng Ospital at Botika sa Linggo at Holiday (Setyembre)■ ※May pagkakataon na magbago.

【Oras:8:30am-5:00pm (Ang may marka na ☆ ay 9:00am-5:00pm) Dentista・・・9:00am-3:00pm】

**【 7 (Linggo) 】** NAI-KA(Internal Medicine) /GE-KA(External Medicine) /SANFUJIN-KA(Obstetrics/Gynecology)/JIBI-KA(Otolaryngology) Okamoto ishii byoin (Kogawashinmachi 5) ☎627-5585 SHONI-KA(Pediatric) Sone shonika (Gokahorinouchi) ☎620-8814 SHI-KA(Dentistry) Sonobe shika iin (Yagusu 1) ☎626-3854 YAKKYOKU(Pharmacy) Flower yakkyoku toyoda-ten (Gokahorinouchi) ☎639-6277

**【14(Linggo)】** NAI-KA(I.M) Takahashi naika iin (Yaizu 1) ☎627-0320 NAI-KA(I.M) / SHONI-KA(Pediatric) Sato iin (Tajiri) ☎624-4804 GE-KA(E.M) Kanai seikeigeka (Omura 2) ☎621-1211, Yoshida iin☆(Riemon) ☎622-0108 JIBI-KA(Otolaryngology) Fujieda shinryojo☆(Fujieda-shi Takasu) ☎635-8749 SHI-KA(Dentistry) Nao shika clinic (Honmachi 2) ☎ 620-2575 YAKKYOKU(Pharmacy) Yaizu senta yakkyoku (Yaizu 1) ☎626-8892, Flower yakkyoku tajiri-ten (Tajiri) ☎656-3755, Yukari yakkyoku (Omura 2) ☎626-5000, Cosmo yakkyoku (Honmachi 2) ☎621-3771, Oigawa fureai yakkyoku (Riemon) ☎662-0411

**【15(Lunes・Pista Opisyal)】** NAI-KA(I.M) Hatakeyama clinic (Higashikogawa 8) ☎621-5971 NAI-KA(I.M) / SHONI-KA(Pediatric) Ishikawa iin (Tajiri) ☎624-4321 GE-KA(E.M) Taniguchi seikei geka iin (Koyashiki) ☎627-2020 SHI-KA(Dentistry) Kawano shika (Dobara) ☎639-6801 YAKKYOKU(Pharmacy) Yunisumairu yakkyoku Kogawa-ten (Higashikogawa8) ☎671-1701, Yunisumairu yakkyoku Tajiri-ten(Tajiri) ☎656-2233

**【 21(Linggo) 】** NAI-KA(I.M) Tachibana clinic (Gokahorinouchi) ☎620-9191, Hirai iin☆(Kamiizumi) ☎622-9070 SHONI-KA(Pediatric) Koga clinic (Daikakuji 2) ☎631-7289 GE-KA(E.M) Koido icho clinic (Kohiji) ☎621-5100 JIBI-KA(Otolaryngology) Fujieda jibika☆(Fujieda-shi kamiyabuta) ☎648-1000 GAN-KA(Ophthalmology) Koga clinic (Daikakuji 2) ☎628-5151 SHI-KA(Dentistry) Yasumoto shika iin (Higashidobara2) ☎639-5489 YAKKYOKU(Pharmacy) Family yakkyoku (Gokahorinouchi) ☎621-7200, Daikakuji yakkyoku (Daikakuji 2) ☎629-3789, Kyorindo yakkyoku nishi yaizu eki kita-ten (Koyashiki) ☎621-5411, Nishina yakkyoku oigawa-ten (Kamiizumi) ☎662-0862

**【23(Martes・Pista Opisyal)】** NAI-KA(I.M) Koishikawa naika clinic (Sakaemachi 1) ☎621-1111 NAI-KA(I.M) / SHONI-KA(Pediatric) Sakurai iin☆(Kamishinden) ☎622-0122 SHONI-KA(Pediatric) Nakagami iin (Nakashinden) ☎623-0805 GE-KA(E.M) Shida kinen noshinkeigeka (Oyaizu) ☎620-3717 JIBI-KA(Otolaryngology) Tanaka jibika (Oyaizu) ☎621-5888 SHI-KA(Dentistry) Aoki shika (Ishizu) ☎625-1870 YAKKYOKU(Pharmacy) Sakae yakkyoku (Sakaemachi 2) ☎631-6090, Friend yakkyoku (Nakashinden) ☎624-9390, Sakura yakkyoku nishi yaizu-ten (Oyaizu) ☎621-4606, Sakura yakkyoku yaizu oyaizu-ten (Oyaizu) ☎620-7500, Donguri yakkyoku oigawa-ten (Kamishinden) ☎622-3408

**【28(Linggo)】** NAI-KA(I.M) Yamashita naika iin (Honmachi 2) ☎628-2733 NAI-KA(I.M) / SHONI-KA(Pediatric) Shinohara iin (Honmachi 5) ☎ 628-3070 GE-KA(E.M) Otomi Riumachi seikeigeka (Nakashinden) ☎ 656-2221 JIBI-KA(Otolaryngology) Matsunaga jibi inkoka clinic ☆(Fujieda-shi Ekimae 2) ☎645-3387 SHI-KA(Dentistry) Toyoda shika clinic (Kohiji) ☎629-6600 YAKKYOKU(Pharmacy) Cosmo yakkyoku (Honmachi 2) ☎621-3771, Wakakusa yakkyoku Otomi-ten (Nakashinden) ☎623-3939

## ■Pang-gabi na Ospital (Yakan Shinryo Iryo Kikan)■

Lugar: Shida･Haibara Chiiki Kyukyu Iryo Senta（Fujieda Shi Setoaraya 362-1） ☎054-644-0099
Departamento: Internal Medicine, Pediatric ※Pedia lamang ang sumusunod na iskedyul sa gabi 10:00pm pataas
Oras: Lunes~Biyernes (7:30pm~10:00pm)/ Sabado at Linggo (7:30pm hanggang kinaumagahan ng 7:00am)

**＜Setyembre 6(Sabado),14(Linggo),20(Sabado),28(Linggo),Oktubre 4(Sabado)＞**

Mga dadalhin:
・Kahit isa alinman sa **Mynu-insurance** o Kard ng Seguro sa Kalusugan:**Kenko Hokensho** o Sertipiko ng Kumpirmasyon ng Elihibilidad:**Shikaku Kakuninsho**
・Kard ng Medikal na Gastusin ng mga bata:**Kodomo Iryohi Jukyushasho**,Recordbook sa Kalusugan ng Mag-ina:**Boshi (Kenko) Techo** atbp.
・Recordbook ng Medikasyon sa Gamot:**Okusuri Techo**